# MABABANG PAARALAN

ALLAN POPA

1.
Nangati ang anit ko
nang may maraanang
tatlong batang
naghihingutuhan.
Baytang-baytang
ng mga mag-aaral
sa hagdanan ng paaralan.

2.
Hindi ang kuto
ang pinanabikan kong
balikan sa kabataan
kundi ang mga daliring
marahang bumibistay sa buhok.
Habang nakahiga sa kandungan
parang may ilog
na dumaloy sa isipan.
Dumadaloy sa isipan.

3.
May gigil sa dulo
ng mga kukong
tumitiris sa naipong mga lisa
o sa mga kutong kay husay
magtago sa kasukalan.
Nakapanlalaway ang lutong.
Hinlalaki sa hinlalaki
ang nagbubuno.
Maitim ang dugo
kapag natuyo.
Sa tao at hindi sa kuto.

4.
Ang unggoy ang sinasabing
pinakamahusay maghanap ng kuto.
Maliliksi at nanunuot
sa kasuluk-sulukan ang mga kuko.
Kinakain niya ang nahuhuli.
Ngunit kapag wala nang mahanap,
puwede kang masabunutan.

6.
Babala noon sa amin:
kapag dumami nang dumami ang kuto
puwede kang liparin
sa malayong kabundukan.
Kumagat sa ulo ko ang ngipin
ng suyod, pumatak paisa-isa sa pahina
ng aklat ang itim na itim na kuto
na naghunyango sa mga salita ng aralin
tungkol sa ebolusyon ng tao.
Wala silang mga pakpak,
naisip ko, pero nakalilipad.

7.
Mabilis kumalat
ang kuto sa magkakamag-aral.
Kailangang ihiwalay
ang mga ulong pinamumugaran sa hindi.
Nagkakamot ng kukote ang may laman.
Nagkakamot ng kukote ang walang alam.

8.
Bawat hayop may sariling kuto.
Nang paliguan namin ng gaas
ang alagang aso, tumakbo siya
sa ilalim ng mesang kainan.
At nang hawiin ang mantel
bumungad sa mabalahibong likod nito
ang mga garapatang namimintog.
Parang pasas, naisip ko.

9.
Madalas na itinatali sa puno
ang alagang unggoy.
Paroo't parito sa pagtulay sa sanga
bago mahatak ang paa.
Natututo ang unggoy na sumirko-sirko
sa haba ng kadenang bigay natin sa kanya.

10.
Madalas kutyain ng mga bata ang unggoy.
Kung minsan, binabato.
Naghahalo ang aliw at kalupitan
sa haba ng kanyang pasensya.
Kapag mag-isa,
nakikipagtaguan ang unggoy
sa sariling mga kuto.